



Higit pa sa Pagkawala ng Pandinig

Mga Sanggunian:



[Hands & Voices](#)



[Cincinnati Children's](#)

Ano ang dapat isaalang-alang kapag ang isang bata ay may mga karagdagang diagnosis maliban sa pagkawala ng pandinig:

- Higit sa 40% ng mga batang bingi/mahina ang pandinig (d/hh, akronim nito sa Ingles) ay may mga karagdagang problema sa kalusugan o pagkaantala sa paglaki.
- Maaaring kabilang sa mga karagdagang diagnosis na ito ang mga hamon sa kalusugang mental, mga kapansanan sa pagkatuto, pagkabulag, cerebral palsy at iba pang mga pangangailangan.
- Maaaring mangyari ang mga karagdagang kapansanan at/o diagnosis dahil sa parehong salik na naging sanhi ng pagkawala ng pandinig (genetics, sakit, atbp.) o ganap na walang kaugnayan sa pagkawala ng pandinig.
- Ang mga taong d/hh na may mga karagdagang diagnosis ay minsang tinutukoy bilang deaf plus o bingi na may kapansanan.
- Maaaring maging mas mahirap para sa mga propesyonal na makilala ang pagkakaiba sa pagitan ng pagkawala ng pandinig at iba pang mga kapansanan, na maaaring gawing mas mahirap ang mga ebalwasyon, interbensyon, at/o paglalagay sa edukasyon.
- Ang kumbinasyon ng pagkawala ng pandinig at iba pang mga diagnosis sa kalusugan o paglaki ay maaaring gawing mahirap ang mga interbensyon para sa alinman sa isa, dahil ang bawat diagnosis (at bawat indibidwal) ay nagdadala ng sarili nitong mga hadlang at pangangailangan.
- Mahalaga para sa mga taong nagtatrabaho sa isang batang bingi na may mga kapansanan na malaman ang lahat ng mga kapansanan na mayroon ang isang bata, kahit na tila hindi ito naaangkop sa isang partikular na propesyonal. Sa ganitong paraan, malalaman ng mga propesyonal ang kumbinasyon ng mga salik na maaaring makaapekto sa mga layunin na kanilang pinagsusumikapan. Halimbawa, mahalagang malaman ng physical therapist ng isang bata na sila ay d/hh para mabisang makipag-usap ang therapist; kasabay nito, mahalagang malaman ng isang audiologist ang tungkol sa mga pagkaantala sa motor ng isang bata upang makapagbigay ng accessibility at magtrabaho sa mga natatanging kakayahan sa motor ng bata.
- Ang karagdagang mga kapansanan ay maaaring magdulot ng hamon sa pakikinig at komunikasyon para sa isang bata na d/hh. Dapat isaalang-alang ng bawat pamilya ang lahat ng pagpipilian para sa komunikasyon at magpasya kung ano ang angkop para sa kanilang anak. Minsan, ang isang bata ay maaaring gumamit ng iba't ibang mga pagpipilian sa komunikasyon para sa ekspresibo at tumutugon na wika.